



# Paunawa ng Integridad

Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad na Panlungsod ng Estados Unidos  
Opisina ng Henera na Inspektor

Setyembre 2017

## ALERTO SA PANDARAYA: Mga Pandaraya sa Kalamidad na Harvey, Irma, at Maria

Ang Kagawaran sa Pabahay at Pagpapaunlad na Panlungsod ng Estados Unidos (HUD) at Opisina ng Heneral na Inspektor (OIG) ay nagbibigay ng babala sa lahat ng apektado ng mga Bagyong Harvey, Irma, at Maria na maging listo para sa mga pandaraya na karaniwang nangyayari pagkatapos ng isang kalamidad. Kailangan mong protektahan ang iyong sarili mula sa mga manlilinlang na magsasamantala sa nakakalitong katangian ng impormasyon pagkatapos ng isang malaking kalamidad.

**Mag-ingat sa mga manlilinlang na mga inspektor ng mga bahay.** Ang mga mandaraya ay maaaring magpanggap na mga inspektor mula sa Pederal na Ahensya sa Pangangasiwa ng Emerhensya (FEMA) o ng Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo. Ang mga manlilinlang na ito ay maaaring humingi ng impormasyon sa bangko, humingi ng pera para sa mga kabayaran, o magtangkang dalhin ka sa isang partikular na kompanya ng pagkumpuni. Ang iba ay maaaring humingi ng personal na impormasyon na kanilang gagamitin upang nakawin ang iyong pagkakakilanlan.

### Protektahan ang iyong sarili

- ✓ Ang tunay na mga inspektor ay mayroon ng impormasyon sa iyong siyam na numero ng pagpaparehistro at ibang personal na impormasyon at hindi na kailangang hilingin ito.
- ✓ Itatala ng mga inspektor ang pinsala sa iyong tahanan; hindi sila nag-aayos o nagmumungkahi ng mga pagkukumpuni.
- ✓ Laging humiling na makita ang panggobyernong pagkakakilanlan bago ka magbahagi ng impormasyon.

**Mag-ingat sa mga manlilinlang na mga kontratista.** May mga manlilinlang na mga kontratista na naghahabol upang pagsamantalahan ang mga may-ari ng bahay. Ang mga mandarayang ito ay madalas na humihingi ng malaking paunang mga kabayaran at pagkatapos ay gagawa ng hindi magandang trabaho o sama-samang mawawala. Dahil ang mga hindi mapagkakatiwalang mga kontratistang ito ay hindi lokal, wala kang paraan na mahanap sila maya-maya kung hindi nila ginampanan ang kanilang trabaho gaya ng ipinangako. Wala silang permanenteng adres, at hindi nila sinasagot ang mga tawag sa telepono. Ang ilang mga mandaraya ay maaaring mag-alok ng hindi makatotohanang halaga sa kanilang bid at magdagdag ng mga singil sa sandaling lumagda ka na ng isang kontrata.

### Protektahan ang iyong sarili:

- ✓ Umarkila lamang ng mga kontratista kung saan makakakuha ka ng mga rekomendasyon.
  - ✓ Sa Florida, ang isang pangkalahatang kontratista ay dapat na lisensyado na mag-bid sa isang trabaho, kaya maaari mo silang hanapin online  
<https://www.myfloridalicense.com/wl11.asp?mode=1&SID=&brd=&yp= if they have a license>.
  - ✓ Hindi nagbibigay ng lisensya ang Texas sa pangkalahatang mga kontratista, tanging ang ilang mga pinagdalubhasaan lamang tulad ng elektrikal, pagtutubero, at heating at air conditioning. At saka, sa Texas ang pangkalahatang mga kontratista ay hindi kailangang magtaglay ng seguro sa pananagutan o magkaroon ng kabayaran sa manggagawa. Hilingin na makita ang kanilang coverage. Kung sila ay hindi isang itinatag na lokal na kontratista humiling na kumuha ng larawan ng lisensya sa pagmamaneho ng kontratista, lisensya ng kontratista, o ibang pagkakakilanlan.
- ✓ Maging lubhang mapaghinala sa mga kontratistang kumakatok sa iyong pinto na naghahanap ng trabaho. Ito ay isang pangkaraniwang diskarte na ginagamit ng mga hindi naitatag na mga kumpanya. Madalas nilang hinihiling na bayaran mo nang pauna ang buong halaga, na nagsasabing kailangan nila na bumili ng mga materyales. Makipag-ayos upang personal na bumili ng mga materyales. Kung hindi sila sumasang-ayon, lumayo mula sa pakikitungo.
- ✓ Maging mapaghinala kung ang mga kontratista ay hindi nagbigay ng isang nakasulat na kontrata at sasabihin na pinagkakatiwalaan nila ang pakikikamay. Laging magkaroon ng isang nakasulat na kontrata na nagsasaad ng eksaktong trabaho na gagawin at takda sa pagbabayad na hindi batay sa oras ngunit sa porsyento ng trabaho na natapos nang kasiya-siya.
- ✓ Kunin ang lahat ng mga pagbabago sa trabaho sa paraang nakasulat. Kadalasan ang mga pagbabago sa trabaho ay nangangahulugang mas maraming gastos sa may-ari ng bahay, kaya maging mapaghinala bago sumang-ayon sa anumang mga pagbabago. Kung tinatanggap mo ang paliwanag ng kontratista kung bakit ang problema at gastos ay hindi nakita sa simula, siguraduhing natanggap mo ang isang binagong kontrata o isang atas ng gawaing nilagdaan mo at ng kontratista. Ang atas ng gawain ay dapat na naglalarawan ng problema, ng solusyon, ng gastos sa paggawa at mga materyales, at isang binagong takda ng pagbabayad.
- ✓ Maging mapaghinala kung ang isang kontratista ay nagsasabi sa iyo na hindi kailangan ang mga permit sa pagtatayo o pinawalang-bisa ng

lungsod ang mga ito para sa kalamidad. Tiyakin na ang iyong kontratista ay nakakakuha ng kinakailangang mga permit sa pagtatayo at na ang lungsod ay nagsasagawa ng anumang kinakailangang pansamantala at huling mga inspeksyon sa trabaho ng kontratista. Tawagan ang iyong lokal na ahensya ng pagtatayo o opisina ng pagpapaplano upang patunayan kung ano mga pahintulot na iyong kailangan.

- ✓ Maging mapaghinala kung ito ay isang isang-beses na alok, na magagamit lamang ngayon, o isang natatanging kasunduan sa mga natitirang materyales mula sa ibang trabaho. Ito ay pamimilit na mga taktika upang makuha ang iyong loob sa kasunduan.
- ✓ Maging mapaghinala sa napakataas na mga bid. Ang mga mandaraya ay maghahayag na ang mga gastos na may kaugnayan sa kalamidad ay magiging mataas. Laging kumuha ng ibang alok o dalawa upang maprotektahan laban sa sobrang pagpresyo. Bagaman sabik ka na makakuha ng tao upang simulan ang pag-aayos, ang paglalaan ng oras upang maprotektahan ang iyong sarili ay maaaring makatipid sa iyo ng maraming pera at pagkabigo sa katagalan.

**Mag-ingat sa mga pekeng mga programa ng tulong.** Maging mapaghinala sa mga mandaraya na nag-aangking mula sa gobyerno o ibang mga ahensya ng pagbibigay tulong. Ang pekeng mga opisyal ay hihingi ng mga kabayaran o mga bayarin para sa aplikasyon upang maglabas ng mga kaloob o mga pautang sa iyo. Maging mapaghinala sa mga kawanggawa sa online o mga panghihingi sa pamamagitan ng pagbisita sa lahat ng mga bahay. *Ang daan-daang bagong mga website na idinagdag isang linggo bago tumama ang bagyong Harvey ay iniuugnay sa potensyal na bogus na mga pagsisikap sa pagtulong.* Ang mga website na ito ay hindi pinangangasiwaan, at mahirap alamin kung alin ang tunay at maaaring mga pandaraya.

### **Protektahan ang iyong sarili**

- ✓ Ang mga ahensya ng gobyerno ay hindi naniningil para sa mga aplikasyon.
- ✓ Sa pag-aalam na ang mga empleyado ng Pederal at Estado ay hindi nanghihingi o tumatanggap ng pera.
- ✓ Laging humiling na makita ang mga identification card (kard ng pagkakakilanlan) ng mga nag-aangking may kaugnayan sa mga ahensya ng gobyerno.
- ✓ Siyasatin ang mga kawanggawa bago mag-ambag. Kung hindi ka sigurado sa pagkalehitimo ng isang kawanggawa tingnan ito sa **Charity Navigator**, **Charity Watch**, at **Give.org**.

**Mag-ingat sa lumubog sa tubig na mga sasakyang muling ipinagbibili.** Kung ikaw o isang indibidwal na kilala mo ay nawalan ng sasakyan dahil sa baha at nagmamadali

na palitan ito, mag-ingat sa mga mandaraya na maaaring naglinis ng mga dating sasakyan at subukang muling ibenta ang mga ito.

### Protektahan ang iyong sarili

- ✓ Ilagay ang vehicle identification number (numero ng pagkakakilanlan ng sasakyan) sa [VINCheck](#). Ito ay isang libreng serbisyo mula sa National Insurance Crime Bureau na maaaring maglahad ng pinsala sa baha ng sasakyan at nakaraang pag-aari mula sa isang lokasyon ng baha. Ang [Carfax](#) at [AutoCheck](#) ay mahusay ding mga mapagkukunan.
- ✓ Gumawa ng iyong sariling pagsisiyasat!
  - ✓ Ang panis na mga amoy ay nagpapahiwatig na may amag.
  - ✓ Ang nalalabis na mga bango ay nagpapahiwatig na ang nagbebenta ay maaaring may itinatagong bagay na kahina-hinala.
  - ✓ Mag-ingat sa paglalagay ng karpit na mukhang masyadong bago, may pagkawalan ng kulay, o may mga batik ng tubig.
  - ✓ Subukan ang mga sistemang pang-elektrikal, suriin ang mga ilawan at mga panukat kung may tubig, at hanapin ang mabanlikan o silt sa mga lagusan ng hangin at ibang mga bahagi ng sasakyan na mahirap linisin.

*Kung pinaghihinalaan mo ang anumang mga pandaraya na binanggit sa itaas, tawagan ang FEMA Disaster Fraud Hotline sa **866-720-5721**. Kung ikaw ay isang biktima, naghihinala ng isang pandarayang pag-aayos ng bahay, nakontak para sa hindi hinihiling na impormasyon, o naniniwalang ang isang negosyo ay nagsasagawa ng paglukob sa presyo, tawagan*

- *ang Office of the Texas Attorney General (Opisina ng Heneral na Abogado ng Texas) sa **800-252-8011** o*
- *ang Florida Attorney General Fraud Hotline (Hotline sa Pandaraya ng Opisina ng Heneral na Abogado ng Florida): **866-966-7226**.*

**Mag-ingat sa mga mandaraya sa pagliligtas sa mortgage.** Daan-daang libong mga bahay na nakaseguro sa pederal ang nasira at ang ilan ay maaaring walang seguro sa baha. Dahil maraming mga may-ari ng bahay ay maaaring may pansamantala o permanenteng pagkawala ng kita dahil sa mga kalamidad, maaaring nahihirapan sila na gumawa ng mga pagbabayad sa kanilang mortgage. Sa pagsisikap upang maiwasan ang mga pagreremata o foreclosure sa kanilang mga tahanan, ang mga nakaligtas na ito ay maaaring ma-target para sa pandaraya sa pagreremata o pagsagip sa pagbabago ng pautang.

### Protektahan ang iyong sarili

- ✓ Magkaroon ng kamalayan na ang mga mortgage na nakaseguro sa pederal sa mga lugar ng kalamidad ay napapailalim sa isang 90-araw na moratoryo sa pagreremata pagkatapos ng kalamidad.

- ✓ Maging mapaghinala sa mga kumpanyang nag-aangkin na sila ay makakatulong sa iyo upang maiwasan ang pagreremata o foreclosure o kukuha sa iyo ng isang pagbabago sa pautang. Sila ay kadalasang naniningil ng malaking halaga at mawawala kasama ang iyong pera.
- ✓ Makipag-ugnay sa iyong kumpanya sa mortgage upang matukoy ang mga pagpipilian kung ang iyong bahay ay walang seguro sa baha o kung ikaw ay may mga problema sa pagpapanatili sa mga pagbabayad sa mortgage
- ✓ Kung ikaw ay may isang mortgage, kausapin mo kaagad ang iyong tagapayo sa pagpapautang. Kung hindi ka makakahanap ng isang tagapangasiwa ng pagpapautang, tawagan ang isang [HUD counselor](https://www.hud.gov/offices/hsg/sfh/hcc/fo/) tungkol sa iyong mga pagpipilian. E- click o gamitin ang link na ito (<https://www.hud.gov/offices/hsg/sfh/hcc/fo/>). Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na magkaroon ng pagpapaliban sa pagbabayad ng mortgage sa 12 na buwan nang walang parusa matapos ang panahon na iyon.
- ✓ Tawagan ang iyong kumpanya ng seguro sa panganib o mga may-ari ng bahay. Mahalagang simulan ang mga papeles para sa anumang coverage na maaring mayroon ka.
- ✓ Sa panghuli, tawagan ang FEMA at mag-aplay para sa tulong sa sakuna. Sila ay may ilang mga mapagkukunan upang makatulong. Tumawag sa 800-621-3362 o bisitahin ang [disasterassistance.gov](https://www.disasterassistance.gov).

**Huwag Mahikayat na Mismong Gumawa ng Panloloko.** Kapag nailabas na ang tulong ng pamahalaan, maaaring sabihin sa iyo ng iba na katanggap-tanggap na magsinungaling sa iyong pagiging karapat-dapat o maling paggamit ng mga pondo na natanggap mo.

### **Protektahan ang iyong sarili**

- ✓ Humiling lamang ng tulong kung ikaw ay karapat-dapat na tumanggap nito.
- ✓ Huwag subukang angkinin ang isang bahay bakasyonan o paupahan bilang isang permanenteng tirahan.
- ✓ Huwag angkinin ang mga pinsala na dati ng nangyari.
- ✓ Huwag mag-aplay para sa magkaparehong mga benepisyo (tulad ng mga katibayan sa nagugol sa pag-upa o mga pondo sa pagpapaayos) mula sa iba't ibang mga ahensya ng gobyerno.
- ✓ Huwag gamitin ang mga pondo sa pagpapaayos o pagtataas mula sa lupa na natanggap para sa ibang mga intensyon.
- ✓ Kung ikaw ay tumanggap ng pederal na tulong para sa nakaraang mga kalamidad, at hindi nagpapanatili ng seguro sa baha gaya ng kinakailangan pagkatapos, ikaw ay maaaring hindi karapat-dapat para sa karagdagang tulong.

---

Ang mga lumalabag na nagsusumikap na dayain ang mga programa sa tulong ay haharap ng pagkabilanggo at/o mga multa. Maging bahagi ng solusyon: Huwag nakawan ang mga karapat-dapat na mga indibidwal sa kanilang bahagi, at kung nakikita mo ang isang indibidwal na nanlilinlang sa kasawian ng ibang tao, iulat ito.

**Kung pinaghihinalaan mo ang pandaraya, tumawag o sumulat sa UD OIG hotline.**

**EMAIL:** [hotline@hudoig.gov](mailto:hotline@hudoig.gov)  
**CALL:** 1-800-347-3735  
**FAX:** 202-708-4829  
**SUMULAT:** HUD Inspector General Hotline (GFI)  
451 7th Street SW  
Washington, DC 20410